“ Huwag nating hintayin na magkaroon tayo ng mabigat na problema bago tayo lumapit sa Panginoon.”

Ako po si Dranrev Dayao na nakatira sa Bagong Silang, Caloocan City. Ako po ay may patotoo na nangyari sa buhay ko noong ako po ay hindi pa nakakakilala sa Panginoon.

Isa akong dating lasinggero. Ako po ay nalulong sa ipinagbawal na gamot at barkada. Dati po akong barumbado at dahil dito ay muntik na akong makapatay ng tao. Dahil sa barkada ay nakasaksak ako ng aming kapit-bahay sa impluwensya ng alak at pagkalango sa droga sa dati naming lugar. Nakapasok din ako sa sindikato ng droga.

Akala ko ang buhay ng tao ay kapag may barkada, may pera at trabaho, nakakain ka ng tatlong beses sa isang araw, pero hindi pala ganun ang buhay ng isang tao.

Ako po ay binigyan ng karamdaman na nauwi sa disgrasya ng aking kanang mata na kinabulag ko. Noong ako ay nasa banig ng karamdaman ay dumating si Ptr. Mark sa hospital. Hindi lang po ako sa panalangin natulungan kundi sa pinansyal na bagay rin.

Nang ako ay makalabas sa hospital at lubos na gumaling, hindi ko binigyan ng kahalagahan ang Panginoon. Muli akong nakalimot. Bumalik ako sa aking bisyo at barkada. Noong mga oras nayun na nagsasaya ako sa bisyo at barkada, pati pala pamilya ko ay napabayaan ko na.

Sa ikalawang pagkakataon na ako ay pitikin/tapikin ng Panginoon sa mga nagawa ko na hindi tama ay muli akong nagkaroon ng mabigat na karamdaman na muntik kong ikamatay. Nagkaroon ako ng karamdamang SEAPSIS o pigsa na naimpeksyon at kumalat sa buong katawan na pati ang dugo ko ay nagkaroon ng impeksyon.

Dumalaw muli si Ptr. Mark ng maratay ako sa banig ng karamdaman sa pangalawang pagkakataon. Muli niya akong ipinanalangin. Hindi ko maipaliwanag sa aking sarili kung bakit nanlamig ang buong katawan ko at biglang tumulo ang luha ko noong mga oras na yun at may bumulong sa akin, “Ito na ang oras para magbalik-loob ka sa Panginoon, buksan ang puso at isipan at papasukin si Hesus sa puso mo.” Noong time na iyon, si Ptr. Mark ang naging instrumento upang ako ay makakilala sa Panginoong Diyos.

Ngayon, ako ay nagbalik-loob at tinanggap ko nang maluwag sa puso ko ang Panginoon. Dati hindi ako makalakad at makakain ngunit isang miracle ang nangyari sa buhay ko kaya ngayon ay nakakalakad at malakas na ako. Ipinapanalangin ko sa Panginoon, bagamat huli na nang malaman kong may sakit akong diabetes. Pero hindi hadlang ang karamdaman kapag ikaw ay nasa Panginoon at walang imposible sa Kanya.

Nagpapasalamat ako sa Panginoon. Gayon din kay Ptr. Mark at sa NCF para sa patuloy na pagtulong sa nangangalangan at patuloy na pagpapakalat ng mabuting salita ng Panginoon. Nagpapasalamaat din ako sa asawa ko na sa mga panahon na nakaratay ako sa banig ng karamdaman hindi Siya bumitiw sa habila ng problema na dumating sa buhay naming bagkus tumawag siya sa Panginoon. Salamat din po kila Tita Linda, Tito Allan, Tita Josie, Ate Apple sa pinansyal na tulong at patuloy nilang pagbibigay. Salamat din sa mama ko na patuloy akong ipinagdarasal.

Tuwing Linggo, kasama ko ang aking pamilya, buong pamilya sa church at nakakaraos sa araw-araw sa gastusin at pagkain.

Totoo pala ang sabi nila sa akin; kahit wala kang pera at hanap-buhay ay masaya dahil ikaw ay nasa Panginoon. Ito ang natutunan kong aral sa buhay: “Huwag nating hintayin na magkaroon tayo ng mabigat na karamdaman o mabigat na problema sa buhay bago tayo lumapit o magbalik-loob sa Panginoon.”